



Philippine Biblical Worldview Institute
Certificate in Christian Ministries

Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

LE202. Ang Evangelist bilang Preacher

Dalawang Greek words ang translated sa salitang preach. Ang isa ay ang mag- announce ng good news to the public; ang gospel ang subject o paksa ng balita. At ang isa naman ay to proclaim the good news to the public; ang object o dinadalhan ng balita ay ang public.

Mahalaga sa buhay ng bawat mananampalataya na pag-aralang mabuti ang Romans 10:11-17. Ang Scripture passage na ito ay maiging memoryahin. Hindi dapat isugo ang isang magpapahayag ng gospel na hindi nakauunawa ng lawak at lalim ng mga sumusunod na katotohanan patungkol sa evangelism:

1. Kung sino man ang magtiwala sa Diyos ay hindi mapapahiya,
2. ang lahat nang tatawag sa pangalan ni Jesus ay maliligtas,
3. ang lahat nang magtiwala kay Jesus ay tatawag sa Kanya,
4. hindi maniniwala ang sino man kay Jesus kung hindi pa nakaririnig ng tungkol sa Kanya,
5. hindi maririnig ang patungkol kay Jesus kung walang magbabahagi ng mabuting balita,
6. hindi makapagbabahagi ang mga preachers ng gospel kung hindi sila isusugo, at
7. ang pagtiwala sa Diyos ay nagmumula sa pagdinig ng mensahe ng kaligtasan at ang mensaheng ito ay naririnig sa mga salita ni Cristo.

Samakatuwid, ang mensaheng ina-announce ng mga evangelist-preachers ay ang mabuting balita ng kaligtasan para sa sinumang tumatawag sa Diyos at magtiwala sa salita ni Cristo.

Sa John 5:24 sinabi ni Cristo ang ganito: *Katotohanan itong sinasabi Ko, kung sinumang makarinig ng Aking salita at maniwala sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan at hindi na mahahatulan; nakatawid na siya mula sa kamatayan tungo sa buhay.*

Sa John 11:25 sinabi naman ni Jesus ang ganito: *Ako ang pagkabuhay muli at ang buhay. Siya na maniniwala sa Akin ay mabubuhay kahit na siya ay mamatay; at ang sinumang nabubuhay at nagtiwala sa Akin ay hindi kailanman mamamatay. Naniniwala ka ba rito?*

At sa Matthew 11:28 ang paanyaya ni Cristo sa mga napapagal at nangabibigatan ay, *Lumapit kayo sa Akin at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan.*

Maliwanag sa mga talatang ito ang mga pangako ni Cristo. Ang tanong ay ito: Maniniwala ka ba sa Kanya? Bibigyang halaga mo ba ang mga pangakong ito o babalewalain mo ang mga ito? Samakatuwid, ang mabuting balitang hatid ng mga evangelist-preachers ay ito: Mayroong kaligtasan sa kamatayan ang makasalanang tao sapagkat isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus upang magbigay ng buhay na walang hanggan at kapahingahan sa sinumang maniniwala at magtiwala sa Kanya.

I. Multiple choice

1. Ang isang kahulugan ng salitang preach ay ang mag-announce ng good news sa public –
 - a. Ang subject ay ang public
 - b. Ang subject ay ang gospel
 - c. None of the above

2. Ang kahulugan ng salitang preach ay to proclaim the good news to the public; ang object ay ang public.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

3. Kung sino man ang magtitiwala sa Diyos ay mapapahiya.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
 - a. Ang lahat nang magtitiwala kay Jesus ay tatawag sa Kanya.
 - b. Hindi maririnig ang patungkol kay Jesus kung walang magbabahagi ng mabuting balita.
 - c. Ang lahat nang tatawag sa pangalan ni Jesus ay maliligtas.
 - d. None of the above

5. Ano ang mensaheng ina-announce ng mga evangelist-preachers?
 - a. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa langit sa pamamagitan ng mabubuting gawa.
 - b. Ang kaligtasan mula sa parusa ng kasalanan ay sa pamamagitan ng pag-aabuloy sa simbahan.
 - c. Ang mabuting balita ng kaligtasan para sa sinumang tumatawag sa Diyos at magtitiwala sa salita ni Critso.

6. Ang sinumang makarinig ng salita ni Jesus at maniwala sa nagsugo sa Kanya ay may buhay na walang hanggan subalit makakaranas ng paghatol.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

7. Ang sinumang maniniwala kay Cristo ay mabubuhay at ang sinumang nabubuhay at nagtitiwala sa Kanya ay hindi kailanman mamamatay.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

8. Sino ang dapat nating lapitan kung tayo ay napapagal at nabibigatan na sa buhay?
 - a. Pastor
 - b. Gobyerno
 - c. Jesus

9. Ayon sa mga verses na iyong binasa (John 5:24 at John 11:25), ano ang sinabi ni Cristo tungkol sa makarinig ng Kanyang salita at maniwala sa Kanya?
 - a. Ang mga nakarinig at nagtitiwala sa salita ng Panginoong Jesus ay maaaring magkaroon ng pag-asa ng buhay na walang hanggan.
 - b. Ang nakarinig at nagtitiwala sa sinabi ng Panginoong Jesus ay mayroong buhay na walang hanggan.
 - c. Ang nakarinig, nagtitiwala at gumagawa ng mabuting gawa ay mayroong buhay na walang hanggan.


10. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
 - a. May kapahingahan ang sinumang magtitiwala kay Jesus.
 - b. Isinugo ng Diyos Ama ang Kanyang Anak na si Jesus upang magkaroon ng kaligtasan ang makasalanang tao.
 - c. None of the above

II. Short Essay

Gumawa ng 3 minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*



© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.